

Hu U?, Charz!, Boobs, RCV Na NMU LUV?: Varayti ng Wika sa Text Messages

Danilyn A. Tayag

Abstrak

Isa sa bagong instrumentong lumabas sa panahon ng Information Age (IA) ay ang cellular phone na palasak nang ginagamit sa iba't ibang bahagi ng daigdig. Gamit ang cellular phone, lumutang ang varayti ng wikang ginagamit at nauunawaan ng mga gumagamit nito. Hindi nakaligtas dito ang daigdig ng akademyang ginagalawan ng mga guro at estudyante. Gamit ang mga forwarded text messages ng mga respondenteng ito, natuklasan na gumagamit sila ng mga varayti ng wika. Higit na gamitin ng mga guro ang dayalek at istandard na wika naman sa mga estudyante.

Keywords: text message, text messaging (TM), varayti, wika

Introduksyon

Matulin ang biyahe ng mundo tungo sa mundo ng walang hangganan o **borderless world**. Isa sa mga nakikisabay sa biyahe nito ay ang teknolohiya na patuloy na umuunlad sa pag-usad ng panahon. Dulot ito ng patuloy na pananaliksik at pagtuklas ng mga alagad nito.

The author finished her AB Filipino, cum laude at MSU-IIT. She is currently finishing her MA in Filipino also at the MSU-IIT where she teaches at its Department of Filipino and other Languages since 2006.

Isa sa naging bunga ng mabilis na pag-unlad ng teknolohiya sa mundo ay ang pagsapit ng makabagong panahong tinatawag na Information Age (IA). Sumibol sa pagsapit ng Information Age ang debelopment ng teknolohiyang pangkabatiran o Information Technology (IT) tulad ng *internet* at *digital wireless radio*. Ngayong nasa 21ng siglo na tayo, hindi katakatakang magkaroon ng papel ang patuluyang pag-unlad ng teknolohiya sa pag-unlad din ng isa sa pinakamahalagang bagay sa buhay ng bawat indibidwal sa alinmang lipunan sa daigdig – ang komunikasyon.

Sa kasalukuyan, ang iba't ibang instrumento na maaaring gamitin sa pagpapadali ng komunikasyon ay natuklasan na at patuloy pang tinutuklas. Dalawa sa pinakamahalagang bunga ng pag-unlad ng komunikasyon ay ang **mobile communications** o mas kilala sa tawag na cellular phone at kompyuter. Naglipana kahit saan ang mga cellular phone – ang mga nakatatanggap o nakapagpapadala ng larawan ay nagiging popular na rin (Microsoft Children's Encarta, 2005).

Ang cellular phone o cellphone ay nagsisilbing instrumento sa paghahatid ng mensahe. Ginagamit ito sa text messaging (TM) o Short Message Service na pinaikling porma ng pagsulat. Ang text messaging ay isang paraan ng pakikipagkomunikasyon na nagbibigay daan sa mga gumagamit ng cellphone na makapagpalitan ng maiikling sulat (Microsoft Encarta Premium Suite, 2005). Kasama sa text messaging ang pagtawag sa telepono – ang pasalitang paraan ng paggamit nito na isinasagawa kapag gustong makausap ang mga taong nasa malayo. Subalit higit na ginagamit ang pasulat na paraan dito na mas kilala sa tawag na text sapagkat ito ay hindi nangangailangang gumastos ng malaking halaga. Dumaraan ito sa proseso ng pagsusulat na may kakaibang estilo sa pormal na pagsusulat dahil pinaikli ang mga salita at kung minsang gumagamit lamang ng mga simbolo tulad ng smiley (☺) (Raymundo, 2004: 94).

Ang wikang ginagamit sa text messaging ay naiiba sa karaniwang wikang ginagamit sa komunikasyon. Kasabay ng pag-usbong at paglaganap ng text messaging sa buong mundo, nabuo ang isang bagong uri ng wika na madali at angkop gamitin para rito (www.webopedia.com/quick.ref/text_messaging.html). Nakapaloob sa wikang ginagamit sa text messaging ang kakaibang paggamit ng wika bunga ng sitwasyon o ng pangangailangang pinagbabatayan ng gagamiting mga salita (Paz,

Hernandez at Peneyra, 2003), o batay sa lipunang kanilang ginagalawan. Matalik na magkaugnay ang wika at lipunan maging ang gumagamit nito. Hinuhubog ang bawat wika upang matugunan ang pangangailangan ng mga tagapagsalita nito (Daniels, 1985). Kayat ang wika at kultura ng tao ay magkabuhol.

Makikita ang kultura ng tao sa kanyang wika at sapagkat iba-iba ang kultura ng tao, nagkakaroon ngayon ng pagkakaiba-iba o varayti sa wika tulad ng wikang ginagamit sa text messaging.

Sa akademikong daigdig, maaaring makita ang varayti ng wikang ginagamit sa text messaging sa varayti ng wikang ginagamit ng mga guro at mga estudyante.

Suliranin ng Pag-aaral

Nilayong alamin ng pag-aaral na ito ang varayti ng wikang ginagamit ng mga guro at estudyante sa text messages. Upang magawa ito, ang mga sumusunod na katanungan ay sinikap na masagot:

1. Anong varayti ng wika ang ginagamit sa text messages ng mga guro at estudyante?
2. May pagkakaiba ba sa varayti ng wikang ginagamit sa text messages ng mga guro at estudyante?

Saklaw at Delimitasyon

Sinaklaw ng pag-aaral na ito ang pag-alam sa varayti ng wikang ginagamit sa mga forwarded text messages ng mga guro at estudyante. Hindi sinaklaw ng pag-aaral ang pag-alam sa paraan ng pagbubuo at pagbabaybay ng mga salita sa text messaging. Gayundin, hindi saklaw ng pag-aaral ang pag-iinterpretar sa kabuuang mensaheng bitbit ng mga text message.

Depinisyon ng mga Terminong Ginamit

Para sa higit na ikauunawa sa pag-aaral, binibigyang kahulugan ang mga terminong madalas gamitin.

Text Messages. Tumutukoy ito sa mga mensaheng ipinapadala sa pamamagitan ng text messaging. Ito ang kinolektang datos sa pag-aaral na ginawan ng pag-aanalisa.

Text messaging. Isang uri ng komunikasyon na bunga ng pag-unlad ng teknolohiya sa mundo. Ginagamit ito sa pagpapadali ng pagpapalitan ng ideya, pag-uusap at pakikipag-ugnayan sa kapwa gamit ang cellular phone. Ito rin ang tinutukoy ng daglat na TM para sa pag-aaral na ito.

Varayti. Nangangahulugan ito ng pagkakaiba-iba. Tumutukoy ito sa pagkakaiba-iba ng wikang ginagamit sa mga text messages sa pag-aaral na ito.

Wika. Ito ang tulay na ginagamit para maipahayag at mangyari ang anumang minimithi o pangangailangan ng tao (Paz, Hernandez at Peneyra, 2003). Tumutukoy ito sa wikang ginagamit sa mga text message o mensahe sa text sa proseso ng text messaging.

Teoryang Pinagbatayan

May wikang ginagamit ang bawat tao sa kanyang lipunang kinabibilangan. Ayon nga kina Panopio, Cordero-MacDonald at Raymundo (1994: p. 37), mahalagang bahagi ng kultura ang wika at kung wala ito, walang kultura. Sa pamamagitan ng wika, naibabahagi ang kultura mula sa isang tao patungo sa iba, mula sa isang henerasyon patungo sa susunod pa. Nangangahulugan ito na ang wika at kulturang salamin ng bawat lipunan ay matalik na magkaugnay. Mahalagang faktor ng lipunang hinulma ng kultura ang wika sapagkat wika ang daan upang mapaunlad at maipreserba ang lipunang ito.

Ang bawat lipunan ay binubuo ng mga taong may iba't ibang oryentasyong panlipunan na maaaring nakabatay sa katayuan sa buhay, trabaho, edukasyon, kasarian, at maging sa grupong kinabibilangan na pinag-uugnay ng wikang ginagamit nila. Batay na rin sa oryentasyong panlipunang ito ang wika ng bawat grupo ng mga taong ito ay nagkakaroon ng varyasyon. Dahil dito, lumalabas ang varayti ng wika na nagiging yunik o kakaiba sa umiiral na wika.

Malawak at komprehensibo ang saklaw ng wika kayat halos wala ring katapusan ang pagbabago nito. Sa pag-unlad ng mga industriya at agrikultura, ng kalakalan at transportasyon, ng siyensiya at teknolohiya, ang vokabularyo ng wika ay pinayayaman ng mga bagong salita na naaayon sa mga pagbabago sa lipunan. Sa pamamagitan ng vokabularyo ay masasalamin ang kalagayan ng wika – kung mas mayaman at

dibersipikado ang vokabularyo ay mas mayaman at maunlad ang wika. Sa pamamagitan naman ng wika ay masasalamain ang kalagayan ng lipunan – kung mas mayaman at maunlad ang wika (Santos, 2001) ay ganoon din ang lipunang kinapapalooban nito.


Sa pananaw Marxista, ang maunlad na bansa ay masasalamain sa wikang ginagamit sa bansang ito. Ang larangan ng siyensiya at teknolohiya ang madaling kakikitaan ng pag-unlad. Tulad na lamang sa larangan ng teknolohiya – iba't ibang mga imbensyon ang nagsilabasan lalo na sa paraan ng pakikipagkomunikasyon, at kabilang na rito ang paglitaw ng cellphone. Bukod sa pwede itong gamitin sa pakikipag-usap gamit ang pandinig, higit na ginagamit ito sa paraang pasulat. Sa paraang pasulat lumitaw ang bagong paraan ng pagbubuo ng mga salita na dumedepende sa estilo ng tagagamit.

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa teorya ng isang Amerikanong linggwista na si William Labov – ang *social theory*. Sinasabi ng teoryang ito na may kinalaman ang lipunan sa pagbabago ng wika. Ibinigay na halimbawa ng teoryang ito ang pag-usbong ng mga bagong termino dulot ng pag-usbong din ng kompyuter na bunga ng pag-unlad ng teknolohiya sa lipunan. Sa pagkakaroon ng kompyuter ay lumitaw din ang ilang mga katawagang nakabatay rito na pinagsama-sama tulad ng “cyberpad” at “dotcom”.

Sa pag-usbong ng text messaging, inakomoda ng mga tagagamit nito ang pangangailangang manipulahin ang paraan ng paggamit ng wikang angkop lamang gamitin para rito upang makamit ang layunin at tungkulin nito sa proseso ng komunikasyon kayat ito ay nagkaroon ng bagong paraan ng pagbubuo ng salita na nagbunga rin ng pagkakaroon ng varayti ng wika sa text messaging. Naaayon ang pahayag na ito sa teoryang akomodasyon nina Giles at Coupland (<http://www.englishclub.com/tefl-articles/accommodation-theory.htm>) na nagbibigay liwanag sa iba't ibang paraan ng pagmamanipla ng tagapagsalita sa kanyang wika.

Batayang Konseptwal

Sa paglaganap ng text messaging bunga ng pagsibol ng development ng teknolohiyang pangkabatiran ay umusbong ang isang bagong uri ng wika. Ang wikang ito ay puno ng pagbabago na normal na nagaganap sa lahat ng wika dahil sa pagiging dinamiko nito o buhay. Sa pagiging dinamiko nga ng wika, nagkaroon ng varayti ang wikang ginagamit sa mga text message.



Figyur 1. Iskima ng Paradaym ng Pananaliksik.

Makikita sa iskima ng paradaym ng pananaliksik ang parihabang kahon na nagrerepresenta sa lipunan bilang bukal ng mga pagbabagong nagaganap sa wika na dulot ng pagsulong ng teknolohiyang

pangkomunikasyon. Isa sa modernong dulot ng teknolohiya ay ang cellphone na ginagamit sa paghahatid ng mga mensahe na tinatawag na text messaging. Ang pagbuo sa mensaheng ito na inirerepresenta ng maliit na kahon sa loob ng malaking kahon ay nakasalalay sa mga taong gumagamit ng cellphone sa kinabibilangang lipunan. Kinokondisyon ng lipunan ang paraan ng pagbubuo ng text messaging kayat ito ay direktang nasasangkot at nakakaapekto sa pag-usbong ng mga varayti ng wika.

Makikita mula sa kahon na kinapapalooban ng pokus ng pag-aaral – ang text messages, ang arrow na direktang nakakonekta sa isa pang kahon na kinapapalooban naman ng dalawang maliit na kahon na nagrerepresenta sa mga varayti ng wika na umuusbong sa proseso ng pagbubuo ng mensahe o text messaging na bunga ng pagmamanipla ng tao sa kanyang wika na sumasalamin sa kanyang kultura.

Metodolohiyang Ginamit

Ginamit sa pag-aaral ang palarawang pamaraan. Masusing tiningnan, inuri at inanalisa ang varayti ng wikang ginagamit ng mga guro at estudyante sa text messages. Isinagawa ang pag-aaral na ito sa Mindanao State University-Iligan Institute of Technology (MSU-IIT) sa Siyudad ng Iligan na matatagpuan sa Mindanao. Ang MSU-IIT ay isang pampublikong pamantasan na binubuo ng pitong kolehiyo – ang College of Education (CED), College of Arts & Social Sciences (CASS), College of Engineering (COE), College of Business Administration and Accountancy (CBAA), College of Science & Mathematics (CSM), School of Engineering Technology (SET), at School of Computer Studies (SCS).

Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay limang (5) guro at (5) estudyanteng nagtuturo't nag-aaral sa MSU-IIT.

Sa pagkuha ng mga respondente ginamit ang convenience at purposive sampling. Sa paggamit ng convenience sampling, pinadalhan ng text message ng mananaliksik ang mga kakilalang may numerong nakatago sa kanyang cellphone na naglalaman ng mensaheng humihinging padalhan ng **forwarded text message**. Sa paggamit naman ng purposive sampling ay nagtakda ang mananaliksik ng tiyak na uri ng **forwarded text message** na ipadadala – ito ay ang funny messages o nakatatawang mga mensahe.

Ginamit na datos sa pag-aaral na ito ang tatlumpong (30) **forwarded funny text messages** na ipinadala ng mga respondente. Ito ang mga mensaheng kadalasang ipinapasa-pasa sa mga cell phone o cellular phone.

Varayti ng Wika sa Text Messages

Makikita sa Talahanayan 1 ang mga varayti ng wika sa text messages. Mayroong sampung (10) varayti ng wika dito – (1) istandard na wika; (2) dayalek; (3) sosyolek; (4) idyolek; (5) ekolek; (6) etnolek; (7) code-switching; (8) code-mixing; (9) yufemismo at (10) taboo.

1. Istandard na Wika. Sa sitwasyong pangwika sa bansa, isa sa mga varayti ng wika na umiiral ay ang istandard na wika. Tumutukoy ito sa wikang dumaan sa proseso ng pagpaplanong pangwika – may tiyak na tuntuning panggramatika, may maunlad na talasalitaan, may nakalimbag na teksto at ginagamit sa opisyal na komunikasyon. May dalawang wikang itinuturing na istandard sa bansa ayon sa gamit at sa prestihiyo nito – ang Filipino at Ingles.

Ang wikang Filipino ayon sa 1987 Konstitusyon sa Artikulo XIV, Seksyon 6-9 ay ang pambansang wika ng Pilipinas samantalang ang Ingles ay ang unibersal na wika ng mundo na tulad ng Filipino ay opisyal na wika ng bansa. Sa katotohanang ito nakaangkla ang itinuturing na istandard na wika sa lipunang pinagmumulan ng text messages. Hindi imposibleng mangyari na maging isa ito sa mga varayti ng wika na ginagamit sa mga text messages. Ilang halimbawa ng mga mensahe sa text o text messages na nabibilang sa varayting ito ng wika ay ang *Hu u?, Kung pngla2ruan m lng ang puso q, itigil mo na..., i love you, Nd d soldier lived happily ever after* at *Anak, bkt gabi k na nmn umuwi?d tama yan!*

Talahanayan 1. Varayti ng Wika sa Text Messages ng mga Respondente

Varayti ng Wika	Mga Text Message
Istandard na Wika	Hu u? Kung pngla2ruan m lng ang puso q, itigil mo na... i love you Nd d soldier lived happily ever after Anak, bkt gabi k na nmn umuwi?d tama yan!
Dayalek	Bayot Patay ingnon napod tag nagkupyahanay ani! Kung di musulod sa gamay nga utok, isulod sa gamay nga papel
Sosyolek	Bay/bai Ok class, only Pedro got 95/100 charz Sa ngalan ni Cris2, pahawa Satanas! pre/pare
Idyolek	da!/dah grabe Heller Ahemm
Ekolek	Te Mama Dad Nanay
Etnolek	Pastor
Code-switching	Shut up! mahal bugas. Kpag may nangaaway sayo at sinabihan ka ng "panget", ito ang sabihin mo sa kanila: UGLY never starts w/ "I", it always starts w/ "U".
Code-mixing	rcv na nmu luv? Once upon a tym der ws a princess, nbuntis ng very gwapong soldier Grabe akong kasakay sa bus, sige kiss, di maulaw! ganahan pud ang girl! More than 500 yrs old na bya na nga vase 1 tym I saw ants walkin on walls. Pnsin q lng kht bz cla dey stil stop & comunic8!
Yufemismo	boobs
Taboo	leche

Ang text message na *Hu u?* ay isang mensahe na ang layunin ay magtanong. Ito ay nagmula sa orihinal na katanungang *Who are you?* sa wikang Ingles na nabuo sa pamamagitan ng pagkakaltas ng salita at pagpapalit ng letra.

Kung pngla2ruan m lng ang puso q, itigil mo na.... Inihahatid ng text message na ito ang mensahe ng pusong nagdaramdam. Ang text message na *i love you* ay mensaheng nagpapahayag ng damdamin habang ang *Nd d soldier lived happily ever after* ay nagsasalaysay naman ng isang pangyayari. Ang text message na *Anak, bkt gabi k na nmn umuwi?d tama yan!* ay naghahayag ng saloobin ng isang magulang para sa kanyang anak. Sa mga text message na ito ay mababatid na ang istandard na wika ay isa sa mga varayti ng wika na ginagamit sa mga text message. Sa pagpapahayag ng kaisipan o diwa ng mensaheng ito ay ginamit ang mga wikang Ingles at Filipino na itinuturing na mga istandard na wika.

2. Dayalek. Ang dayalek ay varayti ng wikang ginagamit ng isang partikular na grupo ng tao o **speech community** batay sa heyograpikal na salik. Pekuliyar ito sa isang tiyak na lugar o rehiyon. Subordineyt ito ng isang katulad ding wika. Tinatawag din itong rehiyonal na dayalek.

Ang mga respondente bilang bahagi ng isang pook o lugar partikular na ng Siyudad ng Iligan ay gumagamit ng wikang Cebuano na ginagamit din sa Cebu at iba pang lugar sa Mindanao. Isa sa mga varayti ng wikang ginagamit ng mga respondenteng guro at estudyante sa text messages ay ang dayalek na Cebuano na pekuliyar sa lugar nila. Ilang halimbawa ng mga text message na gumamit ng nabanggit na varayti ng wika ay ang *Bayot*, *Patay ingnon napod tag nagkupyahanay ani!*, at *Kung di musulod sa gamay nga utok, isulod sa gamay nga papel*.

Ang *Bayot* ay salitang pekuliyar na ginagamit ng mga tao sa mga lugar o rehiyon sa Visayas at Mindanao na gumagamit ng Cebuano bilang dayalekto. Tumutukoy ito sa jender ng isang taong may kasariang panlalaki ngunit kumikilos tulad ng isang babae. Katumbas ito ng salitang *bakla* o *bading* na pekuliyar sa mga Tagalog. Ang *Patay ingnon napod tag nagkupyahanay ani!* at *Kung di musulod sa gamay nga utok, isulod sa gamay nga papel* ay mga pahayag na pekuliyar na ginagamit din ng mga Cebuano. Ang salitang *patay* sa pahayag ay hindi nangangahulugan ng pagkawala ng buhay. Pekuliyar ito na ginagamit ng mga Cebuano na nangangahulugang malalagot o kaya'y mapagagalitan.

Ang paggamit ng mga respondente ng dayalek na varayti ng wika sa kanilang text messages ay nagsasaad ng isang katotohanan tungkol sa wika at kultura – ito ay matalik na magkaugnay. Bahagi ng kultura ng mga respondente ang Cebuano bilang kanilang unang wika at linggwa franka ng lugar kayat kahit sa text messages ay ginagamit nila ang wikang ito na nagpapakilala sa kanilang lahi, sa kanilang kultura bilang mga Cebuano.

3. Sosyolek. Isa itong varayti ng wikang ginagamit ng isang partikular na grupo ng tao sa isang partikular na **speech community**. Maaaring ang grupo ay nagkakaiba ayon sa edad, seks, uri ng trabaho, istatus sa buhay, uri ng edukasyon, atbp.

Ang *bay/bai* ay terminong partikular na ginagamit ng grupo ng mga lalaki upang tawagin ang kanilang kapwa lalaki na maaaring kaibigan nila, bagong kakilala o hindi pa kilala. Ang *charz* naman ay komon sa grupo ng mga bakla o bading. Ito ay nagmula sa salitang **charcoal** sa Ingles na katumbas ng *uling* sa Filipino. Ginagamit ang katawagang ito bilang ekspresyon ng damdamin na maaaring nangungutya o humahanga. Ang *pre/pare* naman ay terminong komon din at ginagamit ng grupo ng mga lalaki. Ito ay nagmula sa salitang kumpare na tumutukoy sa isang kaibigan.

Samantala, sa bawat grupo ng tao ay may iba't iba pang grupo ng tao na nagkakasama batay sa kanilang propesyon o hanapbuhay na gumagamit ng mga terminong pekuliar lamang sa kanilang larangan – ito ang rejister.

Ang pahayag na *Sa ngalan ni Cris2, pahawa Satanas!* ay rejister ng isang pari, pastor o taong naglilingkod at nananalig sa Panginoon at ang *Ok class, only Pedro got 95/100* ay rejister naman ng isang guro sapagkat guro lamang ang kadalasang bumabanggit ng *Ok class*.

Sa mga nabanggit na halimbawa ng mga sosyolek na ginamit ng mga respondente sa text messages, masasabing ang lipunang ginagalawan ng mga respondente ay binubuo ng iba't ibang grupo – mga lalaki at mga bakla.

4. Idyolek. Ang idyolek ay varayti ng wikang pekuliar o partikular lamang sa isang tao o indibidwal na tatak ng kanyang indibidwalidad.

Ang mga respondente ng pag-aaral na ito ay mga indibidwal na may kakayahan ding lumikha at gumamit ng sarili nilang wika o idyolek. Ilan sa mga text message na ito ay ang *da//dah*, *Heller*, *grabe* at *Ahemm*.

Ang *da!dah* ay isang idyolek na ginagamit ng isang inbidwal upang ipahayag ang kanyang nararamdaman. Ang *Heller* ay nagmula sa salitang Ingles na *Hello* habang ang *grabe* naman ay ekspresyong nagpapahiwatig ng pagiging labis ng katangian ng isang bagay, tao o kaya'y pangyayari at ang *Ahemm* ay katulad din ng *da!dah* at *grabe* na ekspresyon ng isang tao sa kanyang saloobin o nararamdaman.

5. *Ekolek*. Makikita sa wika ang larawan ng lipunang kinabubuhulan nito. Bawat pamilya bilang institusyong panlipunan ay may sariling wikang ginagamit na angkop at nauunawaan lamang ng mga miyembro nito na nakabatay rin sa kultura nito – ang wikang ito ay tinatawag na ekolek.

Ang ekolek ay isa sa mga varayti ng wika na tumutukoy sa idyolek na ginagamit ng isang partikular na pamilya sa loob ng kanilang tahanan. Kabilang sa mga text message na nabibilang sa varayting ito ng wika ay ang *Te*, *Dad*, *Mama* at *Nanay*. Ang *Te* ay terminong ginagamit bilang pantawag sa isang babaeng nakatatanda sa tumatawag. Pekuliyar naman sa tahanan ng mga pamilyang nakaaangat sa estado ng pamumuhay ang salitang *Dad*. Ito ay ekolek ng mga pamilyang mayayaman na tumutukoy sa ama. Samantala, ang *Mama* at *Nanay* ay mga ekolek na tumutukoy naman sa ina. Ito ay komong ginagamit ng mga pamilyang hindi gaanong mariwasa ngunit hindi rin naman naghihirap.

6. *Etnolek*. Hindi lingid sa kaalaman ng marami na ang wika at kultura ay magkabuhol. Sa pamamagitan ng wika ay nakikilala ang kultura ng mga gumagamit nito at bise bersa.

Ang bawat indibidwal sa lipunan ay nabibilang sa isang partikular na grupo ng tao na may sariling kultura – ito ang mga etnikong grupo. Sa sitwasyong kultural sa bansa, nahahati sa iba't ibang mga etnikong grupo ang mga Pilipino. Isa na nga sa mga etnikong grupong ito ang mga Cebuano tulad ng mga respondente na karamihan ay Kristiyano. Bawat etnikong grupo ay mayroon ding sariling wikang ginagamit na angkop lamang para sa kanilang karanasan, kilos at gawain – ito ay ang etnolek. Ang halimbawa ng text message na nabibilang sa varayting ito ng wika ay ang *Pastor*. Ito ay terminong ginagamit ng mga Cebuano o maging ng mga Tagalog na Kristiyano bilang pantawag sa taong nagbabahagi ng mga mensahe ng Diyos mula sa Banal na Kasulatan. Sa kultura at wika ng mga Muslim, ito ay tinatawag nilang Imam.

7. Code-switching. Ang paggamit ng code o wika ay nakadepende sa tao o grupong gumagamit gayundin sa sitwasyong pinaggagamitan. Bunga ng pagkakaroon ng maraming code sa isang lipunan tulad ng lipunang ginagalawan ng mga respondente, umusbong ang isang varayti ng wika na resulta ng pagpapalit ng code. Ang varayti ng wikang ito ay tinatawag na code-switching – ito ang pagpapahayag ng naisip o nadarama mula sa isang code patungo sa iba pang code.

Ang mga halimbawa nito ay *“shut up! Mahal bugas at Kpag may nangaaway sayo at sinabihan ka ng “panget”, ito ang sabihin mo sa kanila: UGLY never starts w/ “T”, it always starts w/ “U”*. Sa naunang text message, mapapansing sinimulan ang pagpapahayag ng mensahe sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Ingles – ang *shut up!* at pagkatapos ay lumipat sa Filipino – ang *Mahal bugas*. Nangyayari ang ganitong sitwasyon bunga ng kagustuhan ng ispiker na mabigyan ng empasis ang mensaheng nais niyang bigyan ng diin. Sa ikalawang mensahe naman, sinimulan ang pagpapahayag ng mensahe gamit ang Filipino – ang *Kpag may nangaaway sayo at sinabihan ka ng “panget”, ito ang sabihin mo sa kanila:* at ipinagpatuloy sa paggamit ng Ingles – ang *UGLY never starts w/ “T”, it always starts w/ “U”*. Nagpapakita ito na mayroong dalawang code o wika sa lipunang pinagmumulan nito ang mas ginagamit ng mga respondente sa pagpapalit-palit ng code o wikang ginagamit – ito ay ang Filipino at Ingles na parehong itinuturing na mga wikang opisyal sa lugar.

8. Code-mixing. Bunga rin ng pagkakaroon ng maraming code o wikang umiiral sa lipunan, umusbong ang isang varayti ng wikang resulta ng paggamit ng higit sa isang code sa loob ng isang pahayag na tinatawag na code-mixing. Ang code-mixing ay ang paghahalu-halo ng dalawa o higit pang code o wika sa pagpapahayag ng mensahe. Ito ay kadalasang nangyayari kapag ang ispiker ay gumagamit at nakauunawa ng higit sa isang code o wika.

Ilan sa mga text messages na nabibilang sa varayting ito ng wika ay ang *rcv na nmv luv?, Once upon a tym der ws a princess, nbuntis ng very gwapong soldier, Grabe akong kasakay sa bus, sige kiss, di maulaw! ganahan pud ang girl., More than 500 yrs old na bya na nga vase, 1 tym I saw ants walkin on walls. Pnsin q lng kht bz cla dey stil stop & comunic8!* Mapapansin sa mga nabanggit na text messages ang paggamit ng code na Ingles o Filipino sa pagsisimula ng pahayag at ang paggamit uli ng alinman sa dalawang code sa pagpapatuloy ng pahayag, at ang

muling paggamit sa alinman sa dalawang code uli sa pagtatapos ng pahayag. Sa text message na *rcv na nmv luv?*, unang ginamit sa pahayag ang code na Ingles – ito ay ang *rcv*. Ginamit naman sa pagpapatuloy ng pahayag ang code na Cebuano – ito ay ang *rcv na nmv luv?* at sa pagtatapos ng pahayag, muling ginamit ang code na Ingles – ang *luv*.

9. *Yufemismo*. Ang wikang pamalit sa wikang itinuturing niyang bastos o hindi kaaya-aya ay tinatawag na yufemismo. Bunga ito ng kakayahan ng tao na manipulahin ang wika. Isang halimbawa nito ay ang salitang *boobs* na ipinapalit sa katawagan o pangalan ng isang bahagi ng katawan ng babae na maselan kayat itinuturing na *taboo* – ang suso/totoy. Samantala, ang *boobs* ay mula sa katawagang Ingles na *boob tube* – isang bahagi ng piyesa ng telebisyon na ang itsura ay katulad ng suso ng babae na may dalawang bilog.

10. *Taboo*. May mga salitang itinuturing na bastos, maselan banggitin sa publiko at iba pa na tinatawag na *taboo*. Ito ay mga salita o uri ng wikang idineklara ng isang lipunan na bastos, masama o marumi o nakasakit ng damdamin na hindi puwedeng gamitin sa anumang tahasang pakikipagtalastasan. Halimbawa nito ay ang salitang *leche* – isang katawagang Kastila na ang ibig sabihin ay gatas subalit itinuturing na *taboo* sa lipunan ng mga respondente dahil itinuturing na pagmumura na naghahayag ng matinding damdamin.

Ang Gamiting Varayti ng mga Respondente

Makikita sa Talahanayan 2 na ang varayti ng wikang mas ginagamit ng mga guro sa text messages ay ang dayalek na may dalas ng bilang na 21 o 30%. Pumapangalawa rito ang istandard na wika na may 17 na dalas ng bilang o 24.2%. Samantala, ang pumapangatlo ay ang code-mixing na may 15 dalas ng bilang o 21.4%, ang pumapang-apat ay ang sosyolek na may 8 dalas ng bilang o 11.4%, at ang nasa panlima ay ang idyolek na may 3 dalas ng bilang o 4.2%. Sinusundan naman ito ng ekolek at code-switching na parehong may 2 dalas ng bilang o 2.9%, etnolek at *taboo* na may 1 dalas ng bilang na o 1.4%. Kapansin-pansin naman sa talahanayan na hindi ginagamit ng mga guro sa text messages ang varayti ng wika na yufemismo.

Talahanayan 2. Distribusyon ng Dalas ng Bilang sa Bawat Varayti ng Wikang Ginamit ng mga Respondente sa Text Messages

Varayti ng Wika	Guro			Estudyante			Pangkalahatan		
	Blng.	%	Ranggo	Blng.	%	Ranggo	Blng.	%	Ranggo
Istandard na Wika	17	24.2	2	20	31.7	1	37	27.8	1
Dayalek	21	30	1	15	23.8	3	36	27.1	2
Sosyolek	8	11.4	4	2	3.2	6.5	10	7.5	4
Idyolek	3	4.2	5	1	1.5	6.5	4	3	6.5
Ekolek	2	2.9	6.5	2	3.2	5.5	4	3	6.5
Etnolek	1	1.4	7.5	0	0		1	0.7	7.5
Code-Switching	2	2.9	6.5	3	4.8	4	5	3.8	5
Code-Mixing	15	21.4	3	19	30.2	2	34	25.6	3
Eyufemismo	0	0		1	1.5	6.5	1	0.7	7.5
Taboo	1	1.4	7.5	0	0		1	0.7	7.5
Kabuuan	70	99.8		63	99.9		133	99.9	

Sa kabilang dako naman, ang nangungunang varayti ng wika na ginagamit ng mga estudyante sa text messages ay dalawang varayti – ito ang istandard na wika na may 20 dalas ng bilang o 31.7%. Pumapangalawa naman ang code-mixing na may 19 dalas ng bilang o 30.2% habang ang dayalek na may 15 dalas ng bilang o 23.8% an pumapangatlo. Sinusundan ang mga ito ng code-switching na may 3 dalas ng bilang o 4.8%, sosyolek at etnolek na parehong may 2 dalas ng bilang o 3.2%, gayundin ng idyolek at yufemismo na parehong may 1 dalas ng bilang o 1.5%. Kapansin-pansin din sa grupo ng mga estudyante ang hindi nila paggamit ng mga varayti ng wika na etnolek, at taboo.

Sa pangkalahatan, ang varayti ng wikang higit na ginagamit ng mga respondente sa text messages ay ang istandard na wika na may dalas ng bilang na 37 o 27.8%. Pumapangalawa rito ang dayalek na may 36 dalas ng bilang o 27.1%. Pumapangatlo naman ang code-mixing na may 34 dalas ng bilang o 25.6%. Samantala, ang mga varayti ng wikang hindi madalas gamitin ng mga respondente ay ang etnolek, yufemismo at taboo na parehong nakakuha ng 1 dalas ng bilang lamang o 0.7%.

Resulta ng Pag-aaral

Mayroong sampung (10) varayti ng wika ang mga text message – ito ay ang (1) istandard na wika; (2) dayalek; (3) sosyolek; (4) idyolek; (5) ekolek; (6) etnolek; (7) code-switching; (8) code-mixing; (9) yufemismo at (10) taboo.

Sa grupo ng mga guro, pinakagamitin na varayti ng wika ang dayalek na may dalas ng bilang na 21 o 30%; pumapangalawa ang istandard na wika na may dalas ng bilang na 17 o 24.2. %; pumapangatlo ang code-mixing na may dalas ng bilang na 15 o 21.4%; at panghuli ang etnolek at taboo na parehong nakakuha ng dalas ng bilang na 1 o 1.4%.

Samantala, sa grupo naman ng mga estudyante, ang varayti ng wikang madalas na ginagamit ay ang istandard na wika na may dalas ng bilang na 20 o 31.7%; pangalawa ang code-mixing na may dalas ng bilang na 19 o 30.2%; pangatlo ang dayalek na may dalas ng bilang na 15 o 23.8%; at ang panghuli ay ang yufemismo at idyolek na may dalas ng bilang na 1 o 1.5%.

Sa pangkalahatan, nangungunang varayti ng wikang ginagamit ng mga respondente ay ang istandard na wika na nakakuha ng kabuuang dalas ng bilang na 37 o 27.8%; pangalawa ang dayalek na may kabuuang

dalas ng bilang na 36 o 27.1%; pangatlo ang code-mixing na may kabuuang bilang na 34 o 25.6%; at ang panghuli ay ang etnolek, yufemismo at taboo na parehong may kabuuang bilang na 1 o 0.7%.

Konklusyon

Magkaiba ang varayti ng wikang ginagamit sa text messages ng mga guro at estudyante. Higit na pinapaboran ng mga guro ang paggamit ng dayalek na varayti ng wika sa text messages. Istandard na varayti ng wika naman ang higit na pinapaboran ng mga estudyante.

Mga Reperensya

Mga Aklat

- Daniels, Harvey A. 1985. "Language and Its Study". Nasa *Language* nina Virginia P. Clark, Paul A. Eschnolz at Alfred F. Rosa. New York: St. Martin's Press.
- Kassler, R. 1983. *Theory of Communication*. General International Labor Office.
- Lachica, Veneranda S. 1993. *Komunikasyon at Linggwistika*. Manila: Saint Bernadette Publications, Inc.
- Matute-Edroza, Genoveva, Paz M. Belvez at Corazon E. Kabigting. 1987. *Filipino sa Bagong Panahon*. Metro Manila: Navotas Press.
- Ocampo, Nilo S. 2002. "Mga Varayti ng Wika". Nasa *Minanga* nina Jovy M. Peregrino, Pamela C. Constantino at Nilo S. Ocampo. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino.

- Panopio, Isabel S., Felicidad V. Cordero-MacDonald at Adelisa A. Raymundo. 1994. *General Sociology Focus on the Philippines*. Quezon City: Ken, Incorporated.
- Paz, Consuelo J., Viveca V. Hernandez at Irma U. Peneyra. 2003. *Ang Pag-aaral ng Wika*. University of the Philippines Press.
- Pineda, Ponciano B.P. 1997. *Ang Wikang Filipino sa Information Age*. Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino.
- Peregrino, Jovy M., Pamela C. Constantino at Nilo S. Ocampo. 2002. *Minanga*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino.
- Pertierra, Raul, et al. 2002. *Txt-ing Selves*. Manila: De La Salle University Press, Inc.
- Raymundo, Sarah. 2004. "Text". *Nasa Sawikaan 2004* nina Galileo S. Zafra at Romulo P. Baquiran, Jr. Quezon City: University of the Philippine Press.
- Wardhaugh, Ronald. 1992. *An Introduction to Sociolinguistics, Second Edition*. Cambridge: Blackwell Publishers.

Tesis/Pag-aaral

- Apiag, Jane at Maylin Pulgueras. 2006. *Preperensyang Varayti ng Filipino ng mga Estudyante sa CASS sa Unang Semestre, Taong Aralan 2005-2006*. Isang di-limbag na Tesis Andergradweyt, MSU-Iligan Institute of Technology.
- Blane, Aubrey C. 2003. *The Effects of Text Messaging on the Language Learning of Selected 30 Fourth Year AB English Students of MSU-IIT, I.C.* Isang di-limbag na Tesis Andergradweyt, MSU-Iligan Institute of Technology.

- Hadji Usman, Amerah A. at Nadjerah D. Marohombsar. 2001. *Text-Style: Bumubugsong Komunikasyon sa Pagpapayaman ng Wikang Filipino (Sarbey sa mga Salitang-Text)*. Isang di-limbag na Tesis, Kagawaran ng Filipino at Iba Pang Wika, Pamantasang Bayan ng Mindanao, Lungsod Marawi.
- Laron, Rosemarie G. at Christy T. Agting. 2005. *Ang Varayti ng Wikang Ilokano sa Barangay Kilikili ng Wao, Lanao del Sur at Barangay Poblacion ng Kalilangan, Bukidnon*. Isang di-limbag na Tesis Andergradweyt, MSU-Iligan Institute of Technology.
- Pizaro, Arthur Pilayre. 2002. *Language Across the Social Spectrum: The Structure and Use of Gay Language in Iligan City*. Isang di-limbag na Tesis Pangmaster, Graduate School, Mindanao State University-Iligan Institute of Technology.
- Santos, Angelina L. 2001. *Barayti ng Filipino sa mga Tesis/Disertasyon: Ebalwasyon ng Intelektwalisasyon ng Filipino*. Isang di-limbag na Disertasyon, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pangkatauhan, Mindanao State University, Marawi City.

Workbuk

- Santos, Angelina L. at Nerissa L. Hufana. 2003. *Workbuk sa Filipino 1 (Sining ng Komunikasyon)*. Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika, Kolehiyo ng Sining at Agham Panlipunan, Mindanao State University-Iligan Institute of Technology.

Internet

- Briggs, Asa. 2007. *Technology and the Media*. Microsoft Student.
- Giles, H. at N. Coupland. 1999. *Nasa Accommodation Theory ni Dimitrios Thanasoulas*. <http://www.englishclub.com/tefl-articles/accommodation-theory.htm>

Microsoft Children's Encarta. 2005. *Communication*.

Microsoft Encarta Encyclopedia. 2000. *Language*.

Microsoft Encarta Premium Suite. 2005. *Communication*.

www.webopedia.com/quick-ref/text_messaging.html

www.upoc.com/what_is_text_mesg.jsp

www.acca.gov.ph/culture&art/cularts/languagevarieties.html

www.helsinki.fi/hum/longnet/eng_vaihtelu.html

www.ling.upenn.edu/courses/spring_2001/ling001/change.html

www.ancientserpits.com/hl_why.html